



PATNUBAY SA MISA



15 Mayo 2016

Dakilang Kapistahan ng Pentekostes

Taon K

Pananabik sa Espiritu ng Pagkakaisa't Kabanalan

Nabubuhay tayo sa daigdig ng mga hidwaan, inggitan, kapusukan, at iba't ibang uri ng pang-aapi na pawang bunga ng KASALANANG ipinagdilim ng sangkatauhan. Sa ganang sarili, hindi natin kayang paglabanan ang ganitong mapanirang puwersa. Kaya nga, sinugo ng Diyos ang Espiritu Santo bilang banal na Kapangyarihang magpapagaling sa mga trahedya ng pagkakawatak-watak, pagdududa,

at pagkamuhing bunga ng pagkakasala ng tao. Sa paggunita natin sa pagdating ng Espiritu Santo sa mga disipulong natitipon sa silid sa itaas, buksan natin ang ating mga puso sa Kanya upang tayo'y makabahagi sa kanilang magandang karanasan. Itulad nawa tayo ng Espiritu Santo kay Hesus at hubugin tayo sa isang pamayanang may bigayan, pagpapahalaga, pagtutulungan, at pagmamahalan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Espiritu ng Poong D'yos lumukob sa sansinukob, at sa tanang kanyang sakop, dunong niya ay pumuspos. Aleluya ay ihandog!

Pagbati

P -Ang pag-ibig, biyaya, at kapayapaan ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B -At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P -Mga kapatid, alalahanin natin kung gaano ang pangangailangan natin sa Espiritu Santo sa ating buhay at kung sa ilang paraan tayo di naging karapat-dapat sa Kanyang pamamalagi sa ating

piling. (Manahimik sandali.)

P -Panginoong Hesus, ibinigay mo sa iyong mga disipulo ang Espiritu Santo upang maging Guro at Tagapagtanggol nila. Panginoon, kaawaan mo kami!

B -Panginoon, kaawaan mo kami!

P -Panginoong Hesus, ibinigay mo sa iyong Simbahan ang Espiritu Santo upang mamatnubay sa kanya sa buong kato-tohan. Kristo, kaawaan mo kami!

B -Kristo, kaawaan mo kami!

P -Panginoong Hesus, ibinigay mo sa iyong Simbahan ang Espiritu Santo upang maging bukal ng pagpapatawad at pagpapakabanal. Panginoon, kaawaan mo kami!

B -Panginoon, kaawaan mo kami!

P -Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B - Amen!

Papuri

B - Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga

kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, pinababalan mo ang iyong pandaigdig na Sambayanan sa ipinahahayag mo ngayon sa dakilang kapistahan. Gawin mong ang buong daigdig ay mapuspos nang ganap sa mga kaloob ng Espiritu Santong bigay mo sa lahat para puspusin ang kalooban ng tanan noong ang Mabuting Balita ay simulang ipangaral sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Gw 2:1-11*

Sa pagdating ng Espiritu Santo noong Araw ng Pentekostes, natupad ang pangakong ibinigay ni Hesus bago siya umakyat sa langit. Mula noon, ang sangkatauhan ay naging bagong bayan ng Diyos na may magandang samahan, pagkakaisa, at pagmamahalan.

L—Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Nang sumapit ang araw ng Pentekostes, nagkatipon silang lahat sa isang lugar. At biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo'y hagunot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. May nakita silang wari'y mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila. At silang lahat ay napaspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

May mga Judiong buhat sa iba't ibang bansa, na naninirahan noon sa Jerusalem, mga taong palasamba sa Diyos. Nang marinig ang ugong na ito, nagdating ang maraming tao. Namangha sila sapagkat sinasalita ng mga alagad ang mga wika nila. Sa kanilang pagtataka ay kanilang nasabi, "Hindi ba Galileo silang lahat?"

Bakit ang atin-ating katutubong wika ang naririnig natin sa kanila? Tayo'y mga taga-Partia, mga taga-Media, mga taga-Elam; mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea at sa Capadocia, sa Ponto, at sa Asia. Mayroon pa sa ating taga-Frigia at Panfilia, Egipto at sa mga saklaw ng Libia na sakop ng Cirene, at mga nakikipanirahan mula sa Roma, maging mga Judio at mga naakit sa Judaismo. May mga taga-Creta at Arabia pa rito. Paano sila nakapagsasalita sa atin-ating wika tungkol sa mga kahanga-hangang gawa ng Diyos?"

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 103*

B—*Espiritu mo'y suguin, Poon, tana'y 'yong baguhin!*

R. M. Velez



Es--pi--ri--tu mo'y su--gu-in, Po-



on, ta-na'y 'yong ba--gu-hin!

* Pinupuri ka, Poong Diyos, nitong aking kaluluwa, O Panginoong Diyos, kay dakila mong talaga! Sa daigdig ikaw, Poon, kay rami ng iyong likha, sa dami ng nilikha mo'y nalaganapan ang lupa. *B.*

* Natatakot mangamatay kung kitlin mo ang hininga; mauuwi sa alabok, pagkat doon mula sila. Taglay mo ang Espiritu upang buhay ay ibalik, bagumbuhay ay dulot mo sa nilikha sa daigdig. *B.*

* Sana ang 'yong karangala'y manatili kailanman; sa lahat ng iyong likha, ang madama'y kagalakan. Ang awit ng aking puso sana naman ay kalugdan, habang aking inaawit ang papuri sa Maykapal. *B.*

Ikalawang Pagbasa *1 Cor 12:3-7.12-13*

Nahaharap noon ang Corinto sa pagkakahati-hati at iringan. Bilang amang nagmamalasakit, si Pablo ay nangangaral sa kanilang magkaisa sa Banal na Espiritu na siyang bukal ng lahat ng biyaya.

L—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid: Hindi masasabi ninuman, "Panginoon si Hesus," kung hindi siya pinapatnubayan ng Espiritu Santo.

Iba't iba ang kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkaloob ng mga ito. Iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran. Iba't iba ang mga gawain ngunit iisa lamang ang Diyos na sumasalihat ng taong gumagawa ng mga iyon.

Ang bawat isa'y binigyan ng kaloob na naghahayag na sumasakanya ang Espiritu, para sa ikabubuti ng lahat.

Sapagkat si Kristo'y tulad ng isang katawan na may maraming bahagi; bagamat binubuo ng iba't ibang bahagi, iisa pa ring katawan. Tayong lahat, maging Judio o Griego, alipin man o malaya, ay bininyagan sa isang Espiritu upang maging isang katawan.

Tayong lahat ay pininoman sa isang Espiritu.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Awit tungkol sa Mabuting Balita

B—Halina, Espiritu, / sa sinag buhat sa 'yo / kami'y liwanagan mo.

Ama ng maralita, / dulot mo'y pagpapala / upang kami'y magkusa.

Kaibiga't Patnubay, / sa amin mananahan / ang tamis ng 'yong buhay.

Ginhawang ninanais, / lilim namin sa init, / kapiling bawat saglit.

Lubhang banal na ilaw, / kami'y iyong silayan / ngayon at araw-araw.

Kapag di ka nanahan / ay walang kaganapan / ang buhay nami't dangal.

Marumi'y palinisin, / lanta'y panariwain, / sakit nami'y gamutin.

Kami'y gawing matapat, / sa pag-ibig mag-alab, / lagi sa tamang landas.

Tugunin aming luhog, / kami'y bigyang malugod / ng 'yong pitong kaloob.

Gantimpala'y ibigay, / sa hantungan ng buhay / ligayang walang hanggan.

Aleluya

B—Aleluya! Aleluya!

Espiritung aming Tanglaw, kami'y iyong liwanagan sa ningas ng pagmamahal.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 20:19-23*
Ayon kay San Juan, ang
Espiritu Santo ay siyang unang
handog ni Kristo sa kanyang
mga disipulo nang siya'y muling
nabuhay.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Kinagabihan ng Linggo ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya. Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon.

Sinabi na naman ni Hesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.”

Pagkatapos, sila’y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa

kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Nakabatid na kailangan natin ang Espiritu Santo sa pagharap sa hamon ng ating kapangakuang Kristiyano, manalangin tayo:

B – **Halina, Espiritu Santo, kailangan Ka namin!**

* Nawa ang Simbahang Katolika ay laging maging kasangkapan para sa pagbabalik-loob at tagapagtaguyod ng pagkakaisa. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa ang Santo Papa at lahat ng ibang pinuno ng Simbahan ay maging inspirasyon ng kanilang pinamumunuan. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng nagtuturo ay makapagpunla ng tunay na pagpapahalaga sa kanilang mga estudyante. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng mga pinunong pambayan sa mundo, lalo na sa bayan natin, ay patnubayan ng malasakit sa kagalingang panlahat. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa tayong nahaharap sa mga pagsubok ay makatagpo sa ating pamayanan ng kailangan nating tulong. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil sandali.*) Manalangin tayo! **B.**

P – Espiritu ng buhay at kabanalan, gabayan Mo ang aming mga puso sa landas ng pag-ibig at paglilingkod nang kami’y maging mabisang kasangkapan sa pagtatatag ng Kaharian kung saan Ka nabubuhay at naghahari nang walang hanggan, kasama ng Ama at ng Panginoong Hesus.

B – **Amen!**



P – Manalangin kayo . . .

B – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, pakundang sa pangako ng iyong Anak ang lihim ng iyong pag-ibig at paglingap ay isiwalat nawa ng Espiritu Santo ngayong ginaganap ang paghahaing ito na siya rin nawang maglahad ng iyong katapatan sa pamamagitan ni Hesukristo magpasawalang hanggan.

B – **Amen!**

Prepasyo ng Pentekostes

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Ngayo’y iyong nilubos ang ginanap na pagtubos ng iyong Anak na si Hesukristo na siyang nakaluluklok sa kanan mo. Espiritu’y lumulukob sa mga taong tinubos na iyong itinatampok bilang kapatid ni Kristo Hesus. Araw ngayon ng pagsilang ng binuong sambayanan ng iyong Anak na mahal. Tanang tinubos na bansa ikaw ang dinadakila. Espiritu’y lumilikha ng nagkakaisang diwa.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – **Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

B – **Sa krus mo’t pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**



B – **Ama namin . . .**

P – Hinihiling namin . . .

B – **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – **Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinaabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B – **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo**

ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Noong lumukob sa tanan, su-
gong Espiritung Banal, mga gawa
ng Maykapal sama-samang inawitan
ng Aleluyang parangal.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal,
pinapakinabang mo ang iyong
Sambayanan sa iyong mga bigay
buhat sa kalangitan. Ang iyong
pagpapalang kaloob sa amin ay
iyong panatilihin upang laging
masaganang dumaloy ang Espiritu
Santo at ang aming pinagsaluhan
sa pagdiriwang na ito ay mag-
dulot ng pag-unlad sa pamamagi-
tan ni Hesukristo magpasawalang
hanggan.

B – Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko at ipanalangin ang
pagpapala ng Diyos. (*Manahimik sandali.*)

Niliwanagan ngayon ng
Ama ang mga isipan ng mga
disipulo sa pag-uumpaw ng
Espiritu Santo. Bigyan nawa
kayo ng mga kaloob ng Es-
piritu magpakailanman.

B – Amen!

P–Matupok nawa ng mga dilang
apoy, tulad ng lumapag sa
mga disipulo, ang lahat ng
kasamaan sa inyong mga puso
at papagningasin kayo nang
buong ningning.

B – Amen!

P–Ipinagkaloob ng Diyos ang
pagpapahayag ng isang pana-
nampalataya sa iba't ibang
wika. Tibayan Niya nawa
ang inyong pananampalataya
at magkatotoo ang inyong
pag-asang makita Siya nang
harapan.

B – Amen!

P–Pagpalain nawa kayo ng Diyos:

Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B – Amen!

P–Sa pamamantubay ng Espiritu
Santo, humayo kayo sa kapa-

yapaan ni Kristo.
Aleluya! Aleluya!
B – Salamat sa Diyos!
Aleluya! Aleluya!

Pinagbuklod at Pinalalakas ng Espiritu

Pagkatapos ng pagkakasala nina
Adan at Eva, at ng pagkapariwara
ng sangkatauhan na nag-udyok sa
Diyos na linisin sila sa pamamagitan ng
malaking pagbaha, ang salaysay tung-
kol sa Tore ng Babel ay siyang ikatlong
malaking trahedyang kasaysayan ng
tao. Ang pagtatayo ng toreng iyon
para “maabot ang langit” at para
ikarantal ng mga nagsisipagtayo nito
ay di isang inosenteng pagkakamali.
Bagkus, iyon ay isang palalong paghi-
himagsik sa kapangyarihan ng Diyos
at isang pagtatangkang halinhan Siya
ng isang lipunang walang kinikilalang
diyos at nananaig ang mga pagpapa-
halagang makamundo.

Ang malungkot na ibinunga ng
gayong plano ay gayon na lamang;
kaya nga, ang buong sangkatauhan
–mula na noon–ay nalugmok na sa bi-
gat ng pasanin. Ang pagdami ng iba't
ibang wikang binabanggit sa Aklat ng
Genesis ay isa lamang sa mga malung-
kot na palatandaan ng masahol pang
mga karamdaman–ang pagmamataas
at kasakimang ipinagkakalayu-layo
at mga paglalaban ng mga tao. Ang
mga tumanggi sa kapangyarihan ng
Diyos ang mga nang-api sa kanilang
kapwa. Iyon ay pagkakasalang pan-
sarili at panlipunan sa palikaw-likaw
na galamay na nakasasal sa mga
tao. Patuloy pa rin ang lugmok na
sangkatauhan sa pag-uulit ng kanilang
ikinapapahamak.

Di lamang pagkakasala ang da-
hilan ng pagkakahati-hati ng mga ban-
sa. Ito rin ang dahilan ng pagpupumilit
ng isang makasalahan sa paghahanap
niya ng mga kasiyahan laban sa mga
pagpapahalagang espirituwal, at siya
ring nagpupunla sa bawat isa ng hilig
sa pakikipagtalot di pagkakasundo,
gaya ng tinutukoy ni San Pablo (*sang-
guniin Ro 7:15-24*), at gaya ng nalala-
man nating lahat.

Diyos lamang ang makapapawi sa
sumpa ng kasalanan sa lahat nitong
anyo. Bahagi ng Kanyang “planong
pangkaligtasan” ang dalawang mag-
kaugnay na yugto: **ang pagtubos**
sa pamamagitan ni Hesukristo; at

pagpapagaling at pagpapakabalan sa
pamamagitan ng Espiritu Santo.

Dahil kay Hesukristo, naipagka-
sundo sa Diyos ang sangkatauhan at
binuwag ang naghihiwalay sa mga
Judio at mga Hentil, at ng mga tao
sa isa't isa. (*Sangguniin Ro 5:10 at Ef*
2:13-18.) Nang dahil sa Espiritu, naka-
pangyayari ang bisa ng Pagliligtas ni
Kristo sa lahat ng sulok ng daigdig at
sa lahat ng henerasyon, at sa gayo'y
napapawi nito ang kasiraang dulot
ng kasalanan. Ang Espiritu ay siyang
humihilom sa mga sugat na likha ng
magkakahidwang interes at nagbu-
buklod sa mga pagsisikap ng mga tao
sa isang maayos na kabuuan.

Para sa gayong layunin kung kaya
ipinagkaloob ni Kristong Nabuhay ang
Espiritu sa kanyang mga Apostol at
parang isang malakas na hangin itong
pinalaganap sa buong pamayanan ng
mga sumasampalataya noong Araw
ng Pentekostes. (*Sanggunin 20:22-23*
at Gw 2:1-4.) Sa gayon, ibinigay niya
sa buong Simbahang kinakatawan ng
mga una nitong kasapi ang buklod na
tanging ikapagkakasundo ng mga tao
sa Diyos, at ng mga tao sa isa't isa.

Mula na noon, ang Pentekostes
ay ipinahayag sa mundo bilang pan-
laban sa nangyari sa Babel. At pagkat
ang ugat ng lahat ng kapahamakan
ng sangkatauhan ay kasalanan, ang
Espiritu ay ibinibigay sa Simbahan
bilang kapangyarihang panlaban sa
kasalanan. Ang Espiritu ng pag-ibig at
pagkakaisa ay siyang sumusugpo sa
bunga ng pagkamuhi, pagkakahati-
hati, pagtatakwil, pang-aabuso . . . sa
pamamagitan ng pagpapatawad at
tiwala. Ibinabangon niya ang “bagong
tao” sa pagpupunla sa kanya ng
bagong pananampalataya, bagong
pag-asa, bagong pag-ibig. . . Ganito
ang kasaysayan ng sangkatauhang
pinagbago ng patuloy na pagpupun-
yaging mapawi ang pinsalang nai-
dulot ng Babel, at itatag ang Kaha-
rian ng kaayusan at pagmamahalang
ipinarito ni Kristo. Ito ay matutupad at
magaganap sa “Bagong Jerusalem”
ng mundong darating.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David • **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Circulation:** F. Edjan